# Mga Hebreo, Ikalawang Kabanata 3

Sa ika-7, ika-8, ika-9, ika-10 kabanata, mula riyan, oh, naku! Ihanda n'yo na po ang inyong lapis at papel, at lahat na, ng dapat ihanda, dahil naniniwala akong pagkakalooban tayo ng Panginoon ng isang napakainam na panahon. Ngayon ating . . .

218 Dinadakila at inilalagay ni Pablo, sa tamang posisyon, ang Panginoong Jesus. Ngayon, kung matatapos natin ito ngayong gabi, sa Linggo ng umaga . . . Hayan nga't ang malaking bahagi ng tatalakayin natin ngayon ay tutugma mismo sa Mensahe sa Linggo ng umaga, ito ngang "paghihiwalay sa sabbath." Isang malaking katanungan 'yan sa mga Sabadista ng panahon ngayon. At inaanyayahan ko kayong lahat na dumalo sa umaga ng Linggo. Dahil, alin nga ba ang tama, Sabado o Linggo, ang panambahan? Ano ba ang sinasabi ng Biblia patungkol dito? At malalaman natin, kung . . . Pinaghihiwalay nga ba nitong Aklat ang kautusan at biyaya, at inilalagay Nito ang bawat isa sa tama nilang posisyon. Ang mga Hebreo ay iminulat sa kautusan, at sinasabi sa kanila ni Pablo kung ano ang kaugnayan ng biyaya, sa kautusan.

219 Ngayon, kukuha lang tayo rito ng isang munting tagpo. Magsisimula tayo sa pinakaumpisa.

220 Siyanga po pala, may dala ako ngayon ritong salaming pambasa. Marahil magagamit ko ito . . . Sakali mang may—may hindi ako mabasa nang maayos ngayong gabi, magagamit ko ito. Alam n'yo ako'y . . . kulang na lang ako ng dalawang taon at singkuwenta anyos na ako, at hayan nga't di na ako nakakakita nang maayos di gaya ng dati, kapag malapitan. Noong 'yung paningin ko . . . noong mapansin kong lumalabo na ang mga salita, ang inakala ko'y nabubulag na ako. Nagpunta ako para magpasuri. Sabi ng doktor, "Hindi. Lampas ka lang talaga ng kuwarenta, iho." Buweno, sabi niya, kung mahaba-haba pa ang buhay ko, maaari 'yang magbalik uli, makakakita uli ako nang malapitan. Sabi niya, "Ngayon, diba nababasa mo naman ang Biblia mo kapag inilalayo mo ito mula sa iyo?"

221 Sabi ko, "Opo."

222 Sabi, "Pagkaraan nang ilang panahon pa, hindi na sasapat ang haba ng braso mo."

223 At kaya umaasa ako—ako ngayon, sa pag-aaral na ito, na aking . . . Ito nga po palang munting Bibliang Collins na ito ay may eksaktong laki ng mga letra. Nakikita ko ang mga

letra rito nang mabuti. Pero kapag tutugaygay na tayo roon sa malalawak, at malalalim na mga bahagi kung saan kailangan nating talakayin ang Bago at Lumang Tipan, at pagtugmatugmain. Narito ang munti kong Scofield. At sanay nga ako sa Bibliang Scofield, sa mga marka nito. Hindi ko na binabasa ang mga paliwanag ni Scofield, dahil hindi ako sang-ayon kay Scofield sa marami sa kanyang—kanyang mga teorya. Subalit gusto ko—ko ang pagkakaayos nito, dahil ito nga'y . . . matagal-tagal na ring nasa akin ito, at binabasa-basa, at lagi 'yan, hayan nga't medyo kabisado ko na kung paano hanapin dito ang paksa ko.

224 Ito nga'y bagong lahat sa akin, itong pagtuturo, at hindi naman kasi ako isang mahusay na guro. Subalit, manatili lang po kayo riyan nang ilang sandali, akin lamang sasabihin sa inyo ang Katotohanan sa abot ng nalalaman ko Rito, siyanga.

225 Ngayon, ang Aklat na ito'y isinulat ni Pablo, kung naaalala n'yo. Siya ay . . . Ano nga uli ang pagkakakilala natin sa kanya? Isa nga siyang mahusay na guro, unang-una sa lahat, o isang mahusay na mag-aaral. At sinanay siya sa Lumang Tipan. May makapagsasabi ba ngayon sa akin kung sino ang napag-aralan nating guro niya? [Sinasabi ng kongregasyon, "Gamaliel."—Pat.] Si Gamaliel nga, isa sa mga kinikilalang tagapagturo nang panahong iyon. At ito ngang si Pablo, napag-aralan natin, isang araw . . .

226 Bago siya tinawag na *Pablo*, may makapagsasabi ba sa akin kung ano ang pangalan niya noon? [Sinasabi ng kongregasyon, "Saulo."—Pat.] Saulo nga. At isa siyang kinikilalang tao sa Jerusalem, isang kinikilalang tao pagdating sa relihiyon. At siya ay natanyag bilang—bilang dalubhasa sa kasulatan, isang relihiyosong tao. May kakayahan siyang makapagsalita ng apat o limang iba't ibang wika, at isa nga siyang napakatalinong tao. Buweno, natulungan ba siya nitong kanyang edukasyon at pagiging matalino? Hindi. Ang sabi nga niya'y kinailangan pa niyang kalimutan ang lahat-lahat niyang nalalaman, nang sa gayon ay makilala niya si Cristo.

227 Kaya heto nga't nalaman natin, na ganoon pala, hindi kinakailangang matalino ka o edukado. Ang kailangan kasi'y isang—isang tao na nakahandang ipakumbaba ang sarili sa harapan ng Diyos, anuman ang estado niya.

228 Alam n'yo bang si Dwight Moody ay—ay talagang salat sa pinag-aralan hayan nga't, sa totoo lang, ang mga sulat niya ay hindi maganda ang pagkakasulat na para bang hindi ko tuloy maunawaan. Kinakailangan pa nilang ayus-ayusin ang mga mensahe niya, sa tuwina. Isa—isa nga siyang di kagandahang magsulat, tunay na salat sa pinag-aralan.

229 Alam ba ninyong si Pedro at si Juan, ng Biblia, ay talagang mga salat sa pinag-aralan na hindi man lamang nila maisulat

ang sarili nilang pangalan, at hindi nga nila mamamalayang ’yun na pala ’yung pangalan nila sa harapan nila? Ang Apostol Pedro, na nagtataglay ng mga susi sa Kaharian, wala siyang kamalay-malay na pangalan na pala niya ’yung nakasulat sa harapan niya. Isipin n’yo ’yun. Sinabi ng Biblia, na, “Siya ay mangmang at walang pinag-aralan.” Kaya, may karapatan din pala ako. Amen. Siyanga, po. Ipinakikita lamang niyan, na may kakayahan ang Diyos na gawin ’yan sa isang tao.

230 Ngayon, at nalaman din natin, pagkatapos na pagkatapos na magkaroon ni Pablo ng isang dakilang karanasan. . . Nais ko kayong tanungin. Isang karanasan nga ba ang lumapit kay Cristo? Ang bawat isa nga ba’y may karanasan? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Siyanga, po. Siyanga, po. Ito’y isang Kapanganakan. Ito’y isang karanasan. At heto nga’t naparoon kami sa isang Lutheran College, nito-nito lang. . .

231 Nagkaroon ako ng pagkakataon nitong hapon, nahuli nga lang ako ng dating, dapat sana’y naroon na ako ng alas dose, para sa salu-salo kasama ni—kasama ni Tom Haire. Ilan na sa inyo ang nakakakilala sa kanya, ang tanyag na, Irlandes, isang magiting sa pananalangin? At nakakasa-kasama nga niya itong si Kapatid na Epp, sa programa niya, at tampok siya sa maraming lugar dito sa Amerika. At nakasalo ko siya ngayong hapon. At kami ay. . . nahuli ako ng dating nang mga tatlong oras. Mga maga-alas tres y media na nun, kinse minutos para alas-kuwatro, noong makakain kami. Pero ayos lang ’yun. At nag-uusap kami tungkol sa mga bagay-bagay, tungkol sa kung papaanong si Jesus Cristo ang Ulo ng lahat ng mga bagay.

232 Ngayon, noong malaman ito ni Pablo, nagkaroon muna siya ng isang karanasan. At pagkatapos bago niya kumpirmahin itong karanasan, kinakailangang siyasatin muna ito sa Biblia. At nalaman nga natin na siya—na siya ay umalis at nagtungo sa ibang bansa, at naglumagi roon nang tatlong taon, sinasaliksik ang Kasulatan, upang alamin kung tumutugma nga ba ang kanyang karanasan.

233 Ngayon, napag-alaman nating may napakalaking bagay siyang kailangang kaharapin. Kinailangan niyang magbalik at sabihin sa kanyang iglesya, sa lahat ng mga tao na, ang mga mismong bagay na kanyang pinag-uusig ay tama.

234 Nakaranas na ba kayo ng ganoon na kinailangan n’yong gawin ang isang bagay na gaya nun? Oo naman, halos lahat naman, kinailangang bawiin ang sinabi dati at sabihing, “Sila na binabansagan nating ‘mga holy roller,’ napag-alaman kong, tama pala sila.” Kita n’yo? Ganoon nga. Sadyang kinailangan nating bawiin ang binitiwan nating salita dati. At ang mga bagay na dati nating kinapopootan, ay mahal na natin ngayon. Ito’y isang pagbabago, isang kakatwang bagay, kakaiba.

235 Ngayon, nabanggit ko ang ganoong salita, 'yung tungkol sa "holy-roller." Walang ganoong bagay. Walang ganoong bagay. Ngunit, binabansagan nila ang mga tao ng ganoon, mga holiness people daw. Pero walang mga holy-roller. Walang ganoong bagay. Walang tala ng anumang iglesya na naitala kailanman na ganoon, sa abot ng pananaw ko, sa siyamnaraan at animnapung humigit-kumulang, na iba't ibang mga denominasyon. Walang ganoong denominasyon na gaya ng binabansagang holy-roller. Ito'y isang—isang bansag lamang na ikinabit ng diyablo sa Iglesya.

236 Hayan nga't ang bansag nila roon, noong araw. . .Ilan ang nakakaalam kung ano ang bansag nila sa kanila noong panahon ni Pablo? Mga erehe. Alam n'yo ba ang ibig sabihin ng *erehe*? "Baliw." Mga taong baliw. Kaya naman, balang araw ay babansagan din akong isang "holy-roller" na noong araw ay "erehe." Hindi ba kayo rin? Kaya kung nabansagan silang—silang ganoon, aba'y nagalak pa!

At ano nga ba ang sinabi ni Jesus na gawin natin kapag ganoon? Sinabi Niya, "Mangagalak kayo, at mangagsayang totoo; sapagkat malaki ang ganti sa inyo sa Langit, sapagkat gayundin ang pagkausig sa mga propetang nanguna sa inyo." Ganoon nga ang ginawa nila.

237 Sabi nga dun, "Mangagsayang lubos." Anumang sabihing *lubos* ay "mataas na mataas talaga," talagang napakasaya. At ang mga alagad, noong masumpungan silang karapat-dapat upang pasanin ang kadustaan ng Pangalan ni Jesus, sila'y nangagalak ng malaking kagalakan dahil maaari na nilang pasanin ang kadustaan ng Kanyang Pangalan.

238 At sa panahon ngayon, marami ngayon, kung mangyaring mabansagan silang isang holy-roller, mapapayuko na lang sila, "Naku! Siguro nagkamali talaga ako, mali talaga."

Pero ang mga tao noong araw nangagalak sila, "Oh, kay ganda, na pasanin ang Pangalan!"

239 At ngayon, noong ikalawang siglo, ang bansag nila sa kanila ay "mga *crossback*." Iyon ay noong may bitbit pa noon ang mga Cristiano na krus sa kanilang likod, upang ipakita na sila'y napakong kasama ni Cristo. Ang bansag sa kanila'y mga *crossback*. Ngayon alam kong tinatawag ng mga Katoliko ang kanilang mga sarili na gayundin, ngunit hindi ito ang iglesyang Katoliko. Ito noon ang iglesyang Protestante bago pa ito tinawag na iglesyang Protestante. Nagprotesta sila nang lubos laban sa kasalanan. Ang dahilan nga kung bakit iglesyang Protestante ang tawag dito sa panahon ngayon ay dahil nagprotesta ito laban sa—sa turo't aral ng Katoliko. Ngunit ito noon ay. . .Hindi pa nga, noong araw, hindi pa ito noon sekta, nung ang bansag pa sa kanila'y *crossback*.

240 Kunin n'yo ang kasaysayan ni Josephus at ng iba pang mga manunulat, at ang *Dalawang Babilonia* ni Hislop, at ang iba pa, at malalaman n'yong tama 'yun, hindi sila noon iglesya. Ang pinakaunang iglesyang inorganisa, kailanman, ay ang iglesya Katolika, mga tatlong daang taon pa ang lumipas, sa panahon ng—ng mga pinakahuling mga alagad. Pagkaraan ng humigit-kumulang na tatlong daang taon na 'yan, inorganisa ang iglesya Katolika. At nagkaroon ng isang pag-uusig, at pinuwersa ang mga taong umanib sa iglesya Katolika, at ang simbahan at estado noon, ay pinag-isa nila.

241 Nangyari nga 'yan pagkatapos, nitong tinaguriang, pagbabago ng paniniwala ni Constantine, mula sa paganismo patungo sa Katolisismo. Ngunit kung may nakabasa na sa inyo ng kasaysayan niya, hindi naman talaga siya nagbagong-loob, hayan nga ang mga bagay na ginawa niya. Oh, naku! Ang tanging bagay lang na nagawa niyang may kinalaman sa relihiyon ay ilagay ang krus sa ibabaw ng simbahan ng Santa Sophia. Iyon lang ang nagawa niya kailanman, na matatawag mong relihiyoso. Nakatalaga na talaga siya—siya noon pa man sa kapahamakan. Pero tinawag pa talaga nila 'yun na kanyang—kanyang pagbabagong-loob daw. Wala nga itong pinag-iba sa ilang mga naturingan lang na pagbabagong-loob sa panahon ngayon.

242 Ngayon, hayan nga't, nalaman nating, noong napagbagong-loob si Pablo at nagkaroon nitong tunay na karanasan, siya ay lubos na pumihit.

At, alam n'yo, ang ibig sabihin ng *pagbabagong-loob* ay "maipihit." Papunta ka halimbawa sa gawing *ito*, tapos pipihit ka at lalakad ka na sa gawing *ito*. Siyanga, po. Isa nga itong pagpihit, pagtalikod.

243 At si Pablo, noong siya'y mapagbagong-loob, bago pa man niya kumpirmahin ang kanyang karanasan. . .Ngayon, isa nga 'yung kamangha-manghang karanasan 'yung naranasan niya.

Ngayon, naniniwala akong, kapag tinanggap mo si Cristo, bilang iyong sariling Tagapagligtas, ito ay isa nang karanasan. Naniniwala akong, ang kagalakang malaman mong pinatawad na ang iyong kasalanan, ay tunay na magpupuno sa iyong puso ng tuwa, sa tuwi-tuwina.

244 Subalit kapag bumaba na ang pinagpalang Banal na Espiritu, 'yan nga'y tunay na katangi-tanging karanasan, itong bagong Kapanganakan, na hindi mo kailanman malilimutan. Ikaw ay magiging Anak ng Diyos. At nariyan na nga ang may gawa nito.

"Papaano mo malalamang 'yan na, Kapatid na Branham?"

245 Ngayon, ang mga pag-aaral na ito ay dapat talagang ituro. Marami riyan, mga Methodist, lagi nilang sinasabi, "Sumigaw sila noong makamtan nila Ito." Buweno, ayos 'yan. Kung

nakamtan mo nga Ito, at napasigaw ka nun, mabuti. Pero hindi dahil sa sumigaw ka, tanda na 'yun na nakamtan mo nga Ito, 'pagkat marami ang napasigaw at hindi naman nakamtan Ito.

246 Sabi naman ng mga Pentecostal, "Nagsalita sila ng iba't ibang wika. Tapos nakamit nila Ito." Ayos 'yan. Kung nakapagsalita ka ng iba't ibang wika, at nakamit Ito, mabuti. Pero maaari ngang makapagsasalita ka ng iba't ibang wika at hindi mo pa rin Ito makakamtan. Kaya?

247 Kaya, nakita n'yo, ang pinakamahalaga talaga, ay itong karanasan ng paglipat mula sa kamatayan patungo sa Buhay; kapag namatay na ang lahat ng mga dating bagay, at ang lahat ng mga bagay ay naging bago na. Si Cristo ay nagiging tunay. Mawawaglit na ang mga dating bagay, ang mga dating ugat ng pagiging karnal. Alam n'yo po ba kung paano tungkabin ang isang ugat? Kumukuha kami noong araw ng pambungkal na asarol at bubungkalin namin 'yun, hanggang sa pinakailalim hanggang sa wala nang kahit katiting na matitira roon. At sabi nila, "Kung may anumang ugat ng kapaitan na sisibol sa iyo, bunutin mo ito." Tama 'yun. At iyon ang ginagawa ng Espiritu Santo, bunutin ang lahat ng mga ugat. Hukayin hanggang sa pinakailalim. Pagsamahin ito sa isang bunton; sunugin ang mga ito. Alising mainam ang mga ito. Makaaani na kayo ng magandang ani, kapag ginawa natin 'yun.

248 Ngayon, nalalaman nga ni Pablo na hindi lang basta-basta ang nangyari, kaya naparoon siya sa Arabia, at doon ay pinag-aralan niya sa loob ng tatlong taon ang tungkol sa lahat ng mga propeta ng Lumang Tipan, kung papaano sila nagpropesiya. At nalaman na rin niya sa wakas na Iyon nga'y ang ganap na Katotohanan.

249 Ngayon, ipaghambing natin 'yan sa panahon ngayon, kita n'yo, dito sa karanasang naranasan natin sa munting iglesya rito: 'yung tungkol sa pagpapakita noon nitong Tala sa Umaga, yaong dakilang Ilaw na bumaba rito, na nakapagsasabi at nakapagpapakita ng mga bagay na mangyayari. Alam n'yo, kamangha-mangha talaga 'yun. Ngunit sabi sa akin ng kapatid kong ministro, "Sa diyablo 'yan." At hindi ko—hindi ko 'yun maunawaan noon.

250 Kaya, wala akong anumang sinabi patungkol doon hanggang sa isang gabi, may isang karanasang naganap doon sa Green's Mill, Indiana, noong naglakad doon ang Anghel ng Panginoon at tumayo roon, at pinatunayan ito sa pamamagitan ng Kasulatan. Pagkatapos ay nagpasimula iyon ng ningas. Tapos nagsimula na iyong kumalat.

251 At nito nga lang nakaraang Linggo, nasaksihan natin ang di mapasusubaliang mga tanda ni Jesus Cristo, na kayang magpalakad ng isang lalaking di makapaglakad, at hindi... Wala na 'yung pinakaugat niya sa katawan para makapanatili

ng balanse, nung sabihin ng mga naroon sa Mayos at ng mga pinakamahuhusay na doktor, "Wala nang magagawa, pa." At nakaupo nga siya nun na bulag; tumindig siya at nakapaglakad palabas ng gusali, tulak-tulak ang sariling silyang de gulong pababa ng hagdan, hayan nga't nakalalakad na at nakakakita nang gaya ng kahit sino. Ipinakikita nun na 'yan nga ang kapangyarihan ng Panginoong Jesus na nabuhay na mag-uli. Hayan nga ito. Siya ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

252 Kaya hindi pa ba tayong lahat niyan magagalak ngayong gabi, ngayong alam na alam na nating pinatotohanan ng Diyos ang dakilang karanasang mayroon tayo, na maihahambing mo sa Kanyang Biblia at sa mga pangako dun? Kung kaya't dapat tayong mangagsayang totoo. At napagtanto na nga natin, doon sa ika-2 kabanata, nalaman natin, "Hindi natin dapat hayaan ang mga ganitong bagay. . . Hindi natin dapat hayaang makahagpos ang mga ganitong bagay." Dapat nating ingatang matibay ang mga ganitong bagay.

> At *paanong tayo* ay *makatatanan, kung ating pabayaan ang* ganitong *dakilang kaligtasan;*. . .

253 Ano ang magagawa natin, sa liwanag ng Salita ng Diyos, kapag tumayo na tayo sa Harapan ng Hukuman? Hindi mo puwedeng sabihin, "Wala akong nalalaman dito." Oh, anong wala, alam mo 'yun. "Buweno, ngayon, maaaring mali rito si Kapatid na Branham." Totoo 'yan. Subalit hindi nagkakamali ang Diyos. Ang Salita Niya ay hindi nagkakamali. At isipin n'yo na lang, ang siya ring bagay, ang Biblia, na nabuhay noon sa mga apostol, ay nabubuhay na uli ngayon. Oh, purihin ang Pangalan ng Panginoon!

254 Kapag naiisip kong kuwarenta y otso anyos na ako, halos singkuwenta na, at lipas na ang mga araw ng aking kabataan, at ang lahat ng ito; kay inam na malamang buhat pa nung munting musmos pa lang ako'y taglay ko na itong banal na Pangakong ito, at naipahayag Ito sa mga kapatid kong lalaki at kapatid na babae; at ang makita nang harap-harapan ang libo-libong mga nagsilikas mula sa dilim, na nalalamang patutungo na tayo sa ating Tahanang Walang Hanggan, sa pinagpalang dako. "At kung masira man ang tabernakulong ito na ukol sa lupa," bago ako matapos sa pangangaral, "ay may isa nang naghihintay roon." Hallelujah! Ang malaman ngang may dose-dosenang mga tao na nangakaupo rito, na, kung lilisanin na nila ang buhay na ito sa mga oras na ito; bago pa natin madala ang katawan nila sa tagapangasiwa ng paglilibing, ay paroroon na sila sa maluwalhating katawan sa dakong iyon, na galak na galak na kasama ang mga banal ng Diyos, sa Presensya ng Diyos, at mabubuhay magpakailanman. Na may sakdal, at ganap na pagpapatibay na ito'y mangyayari nga! Amen.

255 Oh, mapapahiyaw nga nun ang mga Presbyterian! Gaya nung Linggo, diba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ang mga naroon ay mga Presbyterian. Tunay na mapapahiyaw nga sila, hayun na nga. Oh, hindi kataka-takang mapupukaw nun ang damdamin ng mga tao! Aba, kung napupukaw nga ang damdamin n'yo sa paghampas ng bola o pagbuslo nun sa isang basket, gaano pa kayang mas nakapupukaw ng damdamin n'yo kapag nalaman n'yong nangalipat na kayo mula sa kamatayan patungo sa Buhay, na kayo'y isa nang bagong Nilalang kay Cristo! Malalaman n'yo nga ito sa paraang pinangungunahan kayo ng inyong espiritu palayo sa masamang hangad, at katusuhan, at pagkapoot, at sa lahat ng mga bagay-bagay ng sanlibutan. At ang puso n'yo ay nananatili nang nakatuon kay Cristo. Iyan nga ang inyong hangad. Iyan lang ang iniisip-isip n'yo sa inyong isip, sa inyong puso, maghapon man magdamag. Sa paghiga n'yo nga sa gabi, at inilalagay n'yo ang inyong mga kamay sa batok, na parang *ganito*, at mahihiga roon at inyo Siyang pupurihin hanggang sa makatulog kayo. Gigising, sa umaga, pinupuri pa rin Siya. Amen. Oh, kay ganda!

256 Sinisikap kong lagi Siyang papurihan. Tuwing umaga nga bumabangon kami nang mga alas kuwatro, kami ni Kapatid na Woods, maaga kaming lumalabas ng umaga, para mamaril ng squirrel. Pinapupurihan ko Siya sa lilim ng bawat puno, na akin ngang, malapitan. Hindi maaaring may makita akong puno, tapos hindi ko Siya papupurihan. Mantakin n'yo, Siya ang nagpatubo ng punong 'yun. Hayan nga ang isang munting pangkaraniwang tipaklong na palipad-lipad sa itaas; alam nga Niya ang tipaklong na 'yan. "Oh," sasabihin n'yo, "walang kabuluhan, Kapatid na Bill." Oh, hindi, hindi po. Alam Niya kung saan naroon ang bawat squirrel. Alam Niya kung saan naroon ang bawat paru-paro.

257 Aba, nung minsan nga, kinailangan Niya ng salapi, at sabi Niya, "Pedro, may isang isda, kanina, na nakalulon ng siklo, na sasapat, sa halagang kailangan natin. Pumaroon ka't ihulog mo ang kawil. Pasasadyain ko ito roon. Kunin mo 'yung siklo sa bibig nito, 'pagkat hindi naman nito magagamit iyon, sa sarili nito. Pumunta ka't ibayad mo na ang ating ikapu at buwis." Amen.

258 At ilang linggo lang ang nakalipas, nakita kong namatay ang isang maliit na isda, palutang-lutang sa tubig. Narinig n'yo nang lahat ang kuwento nito. Nariyan si Kapatid na Woods, at ang kapatid niya at naririto sila upang patotohanan ito. Ang munting isdang 'yun ay patay na't palutang-lutang sa loob ng kalahating oras, sa tubig, na nakalabas ang mga lamang-loob nito sa bibig nito. At bumaba ang dakilang Espiritu Santo, matapos Niyang sabihin, noong araw bago iyon, "Makikita mo ang muling pagkabuhay ng isang maliit na hayop." At noong kinaumagahan nga, katatapos lang ng pagbubukang-liwayway,

nakita namin 'yung munting isda, *ganito* lang kahaba. Noong bumaba ang Espiritu ng Panginoon, at nagsabi, "Munting isda, ipinapanauli ka na ni Jesus Cristo." At ang patay na isdang iyon, na palutang-lutang sa ibabaw ng tubig sa loob halos ng kalahating oras, ay nabuhay at lumangoy palayo nang sintulin nang makakaya nito. Oh, purihin ang Pangalan ng Panginoon. Lubos Siyang kamangha-mangha!

259 Kaya naman nagawang sabihin ni Pablo, na, "Siya ay ayon sa pagkasaserdote ni Melquisedec." Siya si Melquisedec. "Si Melquisedec ay walang pasimula ng mga araw. Wala Siyang katapusan ng mga taon. Wala Siyang pasimula ng buhay o katapusan man sa buhay. Wala Siyang ama ni ina." Kaya, Siya ay wala na ngang iba pa. Kung sinuman Siya, buhay pa rin Siya mapasa ngayong gabi. Kaya, Siya nga ang nag-iisang uri ng Buhay na Walang Hanggan, at iyon ay sa Diyos.

260 Noong nakaraang gabi noong nagtatalakayan kami, isang kapatid na lalaki ang hindi makaunawa sa trinidad ng Diyos, at kung papaano namin pinag-uusapan iyon. Kung papaanong tumayo roon si Jesus, isang Tao, na mga nasa tatlumpung taong gulang. At sinabi Niya . . .

Sinabi nila, "Oh, nagsikain ang aming mga magulang ng manna sa ilang."

261 Sinabi Niya, "At sila'y, bawat isa, patay na." Subalit sabi Niya, "Ako ang Tinapay ng Buhay na nagbuhat sa Diyos mula sa Langit, na kinakain ng isang tao at hindi na mamamatay."

262 "Oh," sabi nila, "nagsiinom ang aming mga magulang mula sa Bato sa ilang."

263 Sinabi Niya, "Ako ang Batong Iyon." Isang Lalaking tatlumpung taong gulang. Sabi, "Nagalak si Abraham na makita ang Aking araw."

264 "Aba," sabi, "ngayon ibig Mo bang sabihin sa akin na Ika'y kasintanda ni Abraham, at wala Ka pang limampung taong gulang, at ibig Mong sabihin ba nakita Mo na si Abraham na patay na nang walong daang taon? Alam na namin ngayong may diyablo Ka nga. Baliw Ka." Yun na nga 'yun . . . Yun ang ibig sabihin ng *diyablo*, "taong baliw." Sabi, "May diyablo Ka, at Ika'y may sayad."

265 Sabi Niya, "Bago pa si Abraham ay, AKO NGA."

266 Iyan nga Siya. Hindi Siya basta tao lang, ni hindi rin Siya isang propeta lang. Siya ang Diyos, ang Diyos na nananahan sa lupa sa isang katawang laman na tinawag na "Jesus," ang—ang nagkatawang-taong Anak ng Diyos. Iyan nga Siya mismo.

267 Ngayon, nakita nga natin Siya rito, sa huling bahagi po, ng pagtatapos ng ika-2 kabanata, na ibig kong talakayin, simula sa ika-16 na talata, o sa ika-15 talata.

> *At* iniligtas *sila . . . na dahil* sa *takot sa kamatayan—sa kamatayan ay nangasailalim ng pagkaalipin sa buong buhay nila.*

Iyan nga ang sinabi niyang ginawa ni Jesus, na dumating Siya upang mailigtas sila mula sa pagkaalipin, sila na takot sa kamatayan sa buong buhay nila.

268 Ngayon hindi na kailangan pang matakot sa kamatayan. Ngayon, siyempre, natatakot tayo; tayo nga, wala sa atin ang nagnanais, sa tinatawag natin na, *mamatay*. Subalit alam ba ninyong kapag naipanganak nang muli ang isang tao ay hindi na siya maaari pang mamatay? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Papaanong may Buhay na Walang Hanggan tayo at pagkatapos mamamatay? Hindi ’yun maaari. Ang ibig sabihin lang ng kamatayan, ang salitang *kamatayan*, ay “ang pagkahiwalay.” Ngayon mahihiwalay siya sa paningin ng ating mata. Subalit siya’y nasa Presensiya ng Diyos sa tuwina, at laging mananatili riyan. Kaya, hindi mabigat na bagay ang kamatayan. Ang kamatayan ay isang maluwalhating bagay. Ang kamatayan ang nagdadala sa atin sa Presensiya ng Diyos.

269 Subalit ngayon, siyempre, tayo, bilang mga tao, na nakapaglalakad sa mga masasamang elemento rito, hindi natin—natin ito nauunawaan sa paraang dapat nating maunawaan. At, natural, kapag papalapit na ang mga nakasasakal na pangil ng kamatayan, nahihintakutan ang pinakabanal man sa atin at napapaurong. Nagawa nga nitong sabihin ng Anak ng Diyos, “Maaari bang lumampas ang sarong ito?” Nakakatakot nga ito. Huwag nawang magkamali ang pagkaunawa n’yo rito. Dahil tayo . . . Ito nga’y kabayaran ng kasalanan, ang kamatayan nga, at tiyak na ito’y nakakatakot.

Subalit kung tutunghay nga tayo nang lampas sa tabing, sa dako roon, masusumpungan n’yo nga ito roon. Purihin ang Panginoon! Lampas nga ng tabing na ’yan, doon nga kung saan inaasam ng sinuman na tumunghay ngayong gabi. Madalas ngang awitin noon nila binibining Anna Mae Snelling at ng mga kasama niya ang isang awitin dito, “Panginoon, Hayaan Mong Tumunghay Ako Lampas Sa Tabing Ng Panahon.” Nais nga ng lahat na makita iyon.

270 Ngayon, dadako na tayo ngayon, sa ika-16 na talata. “Sapagka’t tunay na Kanyang tinutulungan . . . ”

> *Sapagka’t tunay na hindi niya tinutulungan,* ang *mga anghel; kundi tinutulungan niya ang binhi ni Abraham.*

271 Oh, nais nating pagtuunan ’yan ng pansin ngayon. Patungo na tayo sa pagtatapos nito para kunin . . . Sapagkat, ang unang bahagi ng ika-3 kabanatang ito, na huling bahagi naman nito, ay tutumbok sa “araw na iyon para sa sabbath,” na tatalakayin natin sa darating na Linggong ito.

272 Ngayon masdan n’yo.

*. . . hindi niya . . . tinutulungan ang mga anghel; . . .*

Ngayon, sino 'yung "Niya," na tinutukoy dito? Si Cristo. Sino si Cristo? Ang Diyos, ang Logos ng Diyos.

273 Ngayon hayaan n'yong ipaliwanag ko itong muli, upang makatiyak kayo. Ang Diyos ay hindi tatlong Diyos. Ang trinidad ng Diyos ay Isa. Ang Ama, Anak, Espiritu Santo, ay hindi nangangahulugang may tatlong magkakaibang Diyos. Kung ganoon, pagano ang labas natin n'yan. Iyan tuloy ang dahilan kung bakit hindi makaunawa ang mga Hudyo. Hindi naman kasi ito kailanman itinuro sa Biblia. Ngayon, itinuturo nga ito sa iglesya Katolika, walang pasubali, at doon nagmula ang pagbabautismo sa tatlong titulo.

274 Sa Aprika babautismuhan ka nila roon ng tatlong beses paharap: isang beses para sa Diyos Ama; isang beses para sa Diyos Anak; isang beses para sa Diyos Espiritu Santo. Ngayon, 'yun ay mali. Walang ganung mga turo gaya nun sa Biblia. Kita n'yo?

275 At ngayon, 'yan—'yan ang itinuturo nila. Nagpasalin-salin 'yan kay Luther; mula kay Luther, patungo kay Wesley; pasalin-salin sa mga kapanahunang madaanan nito. Subalit hindi ito kailanman katuruan ng Biblia. Noon pa man ay isa na itong pagkakamali, mula pa noong pinasimulan ito.

276 Ngayon, hayan nga't, ang Diyos ay nasa pasimula. Bago pa man magkaroon ng anumang liwanag, bago pa man magkaroon ng atom, bago pa man magkaroon ng bituwin, bago pa man ang anumang bagay na nakikita, pinupunan na ng Diyos ang lahat ng dako. At wala ng ibang nariyan sa Dakong 'yan kundi kadalisayan: dalisay na pag-ibig, dalisay na kabanalan, dalisay na katuwiran. Iyon ay Espiritu. Sinasakupan Niya ang buong kalawakan mula pa sa Walang Hanggan, kung saan hindi natin Ito kayang arukin. Lampas ito sa anumang kaya nating arukin sa ating diwa.

277 Gaya ng sa salamin na 'yun, makikita natin ang sandaan—sandaan at milyun-milyong taon ng paglalakbay ng sinag sa kalawakan. Isipin n'yo 'yun. Sandaang milyong taon ng paglalakbay ng sinag sa kalawakan. At ang sinag—ang sinag ay naglalakbay ng mga walong libong milya bawat segundo. At 'yang sandaan at milyong taon ng paglalakbay ng sinag sa kalawakan . . . Isipin n'yo na lang kung ilang milyong milya ang maabot nun. Ni hindi n'yo mabibilang 'yun. Ipagpahalimbawa n'yo na lang ang isang hilera ng mga numero nuebe at paikut-ikutin n'yo 'yun sa buong Jeffersonville, at hindi pa rin n'yo 'yun sapat na mapapaikot dun sa milya-milya pang sobra nito. Isipin n'yo 'yun. At ang sobra n'yan ay aabot pa sa mga bituwin at mga planeta. At ang Diyos, bago pa man magkaroon ng isa sa mga 'yan, ay Siya na. Kita n'yo?

278 At ngayon ang Logos na lumabas buhat sa Diyos, na ang—ang Logos nga, nagsimula itong mabuo sa isang—isang anyong katawan. At tinawag ang anyong katawan na ito, sa turo ng mga iskolar, na Logos, ang Logos na lumabas buhat sa Diyos. Sa ibang salita, isang—isang mas mainam na salita para rito, tinatawag natin itong theophany. (Ang theophany ay isang niluwalhating katawan ng tao.) Hindi ganun na ganun na may laman at dugong gaya ng sa niluwalhating estado nito, kundi ito ay isang anyo ng katawang tao na hindi kumakain, ni hindi rin umiinom, subalit ito'y—ito'y isang katawan, isang katawan na naghihintay sa atin sa paglisan na paglisan natin sa isang ito. Ngayon, doon, papasok tayo sa katawang iyon. At 'yun ang uri ng katawan ng Diyos, sapagkat sinabi nga Niya, "Lalangin natin ang tao sa ating sariling larawan at sa ating wangis."

279 Ngayon, noong mapunta ang tao sa katawang iyon, may pamamahala siya sa lahat ng mga isda, at mga ibon, at—at mga hayop sa parang. "At noon ay wala pang taong magbubukid ng lupa," Genesis 2. Tapos na Niya noong nilalang ang lalaki at babae, ngunit walang taong magbubukid ng lupa.

Saka nilalang ng Diyos ang tao mula sa alabok ng lupa. Kanyang binigyan siya ng kamay na tulad sa isang—tulad sa isang unggoy. Kanyang binigyan siya ng paang tulad sa isang oso. Kanyang binigyan siya, Kanyang nilalang siya, sa naturang larawan. At ang katawang panlupa ngang ito ay ayon sa larawan ng hayop, at gawa ito sa parehong uri ng sangkap. Ang katawan n'yo ay gawa nga sa parehong sangkap na gaya ng sa kabayo, o sa aso, o sa anumang gaya pa. Gawa ito sa calcium, potash, petrolyo, kosmikong liwanag. Kayo nga'y hindi . . . Hindi lahat ng laman ay iisang laman; ito'y ibang laman, ngunit gawa ito sa alabok ng lupa kung saan ito nagmula.

Hayan nga't, ang pagkakaiba sa pagitan ng isang hayop at ng isang tao, naglagay ang Diyos ng isang kaluluwa sa isang tao, at hindi Siya naglagay nito sa hayop. Dahil, ang kaluluwa ngang nasa tao ay yaong theophany.

Oh, baka—baka, baka hindi ko na matalakay . . . ang araling ito, pero kailangan kong matalakay ito.

280 Masdan. Hindi ba n'yo naaalala noong nasa bilangguan si Pedro, at dumating ang Anghel ng Panginoon at binuksan ang mga pintuan?

281 Pumapasok kami noon sa malaking pamilihan dito, noong isang araw, at bumukas ang pintuan sa harapan namin. Sabi ko, "Alam n'yo, nauna nang nagkaroon ng ganyan ang Biblia." Kita n'yo? Ngayon, 'yung pinto roon ay kusang bumubukas.

282 At noong lumabas si Pedro, naglakad siya sa gilid ng mga bantay, na hindi man lang siya nakikita. Dinaanan lang niya ang bantay sa looban, ang bantay sa labasan, palabas doon sa bakuran, lusot dun sa pader, hanggang sa labas ng

lansangan. At walang nakakilala sa kanila kung sino siya. At hindi man lang pinansin. . . Inakala nilang iba siyang bantay o parang ganun. Sa kanila. . . Basta't dumaan lang siya roon, at kusang bumukas ang pintuan, sa paglabas niya, at nagsara pagkaraan niya. At nung makalabas na siya roon, inakala pa nga niyang nanaginip siya. At nagtungo siya dun sa bahay ni Juan Marcos, kung saan nagdaos sila roon ng pagtitipon para manalangin. At kumatok siya. . . [Kinakatok ni Kapatid na Branham ang pulpito. Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] . . . upang makasama kayo.

283 Oh, dakila Siya. Kamangha-mangha Siya.

> Ngayon, oh, hindi *niya* nagawang *maging* anyo *ng* isang anghel, *kundi tinutulungan niya. . . ang binhi ni Abraham.* Ang Diyos ay naging *ang binhi ni Abraham.*

284 Ngayon, kung may oras pa sana tayong, balikan at ipakita kung papaano Niya ginawa ito sa Tipan! Narinig n'yo na pong ipinangaral ko ang patungkol dito, makailang ulit na, kung papaano niya kinuha ang mga hayop doon at hinapak-hapak, at isinama dun ang ibong paloma at kalapati. Pagkatapos nun ay tumingin siya, at napansin niya ang isang maliit na usok, nakatatakot na kadiliman, kamatayan. Sunod, isang umuusok na hurno, impiyerno. Subalit, sa kabila noon, ay nagkaroon ng isang munting puting Liwanag. At ang munting kaputiang 'yun ay nagpunta sa pagitan ng bawat piraso ng hinapak na handog na naroon, ipinakikita kung ano nga yaong gagawin Niya. At nanumpa Siya, noong gawin Niya 'yun, at isinulat Niya ang isang Tipan, ipinakikita kung ano ang Kanyang gagawin.

285 At Siya, si Jesus Cristo, ay naparito sa lupa; Ang Diyos, si *Emmanuel*, "ang Diyos sa laman." At sa Kalbaryo, Siya ay nahapak. At bumalik ang Kanyang Espiritu sa Iglesya. At ang Kanyang katawan ay itinaas at naupo sa Luklukan ng Diyos.

Ang Luklukan ng Diyos! Siya ngang naroon sa Luklukan ang Hukom. Alam na natin ito. Buweno, saan ang Paghatol? Ipinagkaloob ng Ama. . . Hindi Siya humahatol ng tao. Kundi inilagak ng Ama ang lahat ng paghatol sa Anak. Hayan nga Siya. At ang Kanyang Buhay ay ang Dakilang Saserdoteng, nakaupo roon pagkatapos na ang Kanyang sariling katawan, ay naging handog, upang isamo ang mga pagpapahayag natin ng ating mga kasalanan. Amen. Kapatid, naglalagay nga iyon ng isang bagay sa inyo.

286 Pansinin, "Tinutulungan Niya ang binhi ni Abraham." Siya ay naging isang Tao. Ang Diyos, ay nagkatawang-tao sa piling natin, upang tubusin tayo. Sa madaling salita, ang Diyos ay inaring may sala, upang tayong mga makasalanan ay makabahagi sa Kanya. At kapag nakibahagi tayo sa Kanya, nakikibahagi tayo sa Kanyang. . . Tayo ay mga taong saklaw ng oras, tatlong dalawampung taon at sampung taon. At nanaog

ang Diyos at naging isa sa atin, tatlong dalawampung taon at sampung taon, sa loob ng Kanyang inilaang panahon, upang makabahagi tayo sa Kanyang Buhay na Walang Hanggan. At kapag naipanganak na tayong muli, mga anak na lalaki at mga anak na babae na tayo ng Diyos, at mayroon nang Buhay na Walang Hanggan, at hindi na kailanman mamamatay.

Oh, isa ngang—isa ngang—isa ngang dakilang Tagapagligtas! Oh, walang paraan para maisulat ito. Walang paraan para ipaliwanag ito. Ito'y sadyang higit pa sa maaaring ipaliwanag. Walang makapagpapaliwanag kung gaano nga Itong kadakila. "Ika'y napakadakila! Ika'y napakadakila!" ang tangi lamang na masasambit.

> *Kaya't nararapat sa kaniya na sa lahat ng mga bagay ay matulad sa kaniyang mga kapatid,* . . . (Isipin n'yo 'yun.) . . . *upang maging isang dakilang saserdoteng maawain at tapat sa mga bagay na nauukol sa Dios,* . . . (Pakinggan n'yo.) . . . *upang gumawa ng pangpalubag-loob patungkol sa* . . . kasalanan *ng bayan.*

Ang gumawa ng pampalubag-loob, ngayon, ang Diyos, na nakakikilala ng kawastuan, ay kinailangang malagay sa di-kawastuan, upang madama kung ano kaya ang pakiramdam na maging isang makasalanan, upang bumalik upang gumawa ng pampalubag-loob, sa pamamagitan ng "pakikipagbalik-loob," at magkaroon ng habag sa mga tao.

287 Sa sumunod na talata, pakinggan n'yo Ito maigi.

> *Palibhasa* nga'y *nagbata siya* . . .

288 Hindi kasi maaaring magbata ang Diyos sa Espiritu. Kinailangan Niyang magkatawang-tao, upang maramdaman ang hirap ng karamdaman, upang maramdaman ang tukso ng pagnanasa, upang maramdaman ang tukso ng paghahangad, upang maramdaman ang tukso ng gutom, upang maramdaman ang kapangyarihan ng kamatayan. Upang Kanyang akuin sa Kanyang Sarili na tumayo sa Presensya ng dakilang Espiritung Jehovah, ang Espiritu, hindi yaong Tao; ang Espiritu, upang mamagitan sa buhay na ito. At inako nga iyon ni Jesus, upang makapamagitan para sa atin, sapagkat alam na Niya ngayon kung ano ang pakiramdam nito. Kapag nagkasakit kayo, alam nga Niya kung ano ang pakiramdam n'yo. Kapag tinutukso kayo, alam nga Niya ang pakiramdam n'yo.

289 Ngayon, napansin na ba n'yo kapag naghahalal tayo ng pangulo, bawat magsasaka ay boboto ng isang pangulong naging isang magsasaka noon, dahil alam nga nito ang hirap na dinaranas ng buhay ng magsasaka. Kita n'yo? Gusto niya 'yung isang taong nakauunawa.

290 At bago maunawaan ng Diyos; Siya nga'y ang dakilang Kabanalan. Papaano nga Niya mapag-uunawa, matapos Niyang hatulan ang tao? Sa Kanyang kabanalan, hinatulan Niya ang tao.

At ang tanging paraan na mapawalang-sala Niya ang tao ay ang maging tao.

291 At nilimliman ng Diyos ang birhen at nagluwal ito ng isang katawan, hindi dugong Hudyo, hindi dugong Gentil, kundi Sarili Niyang Dugo. Dugong nilikha ng Diyos, hindi sa pamamagitan ng pakikipagtalik, walang halong ganoon dun, walang pagnanasa ng laman. At ang Selyulang Dugong ito, na nilikha sa sinapupunan ng babaing ito, ay nagluwal sa Anak. At noong mabautismuhan Siya ni Juan Bautista, sinabi ni Juan, "Pinatototohanan ko, na nakita ko ang Espiritu ng Diyos (gaya ng isang kalapati) na bumababa at tumahan sa Kanya."

292 Kaya naman walang dudang masasabi nga ni Jesus, na, "Ang lahat ng kapangyarihan sa Langit at lupa ay ibinigay na sa Aking kamay." Ang Diyos at ang tao ay naging Isa na. Ang Langit at ang lupa ay naglakip, at Siya Yaong makagagawa ng pagbabalik-loob para sa ating kasalanan. Iyon ang dahilan kung bakit, sa Kanyang Pangalan, nagkakaroon ng kagalingan. Alam Niya ang inyong hirap.

293 Narinig n'yo na ba itong munting, lumang awitin na ito?

> Alam ni Jesus ang hirap mong dinaranas, ika'y Kanyang kayang iligtas at Kanyang kayang bigyan lunas;
> Kaya't sa Panginoon inyong dalhin at iwanan doon ang pasanin.

Tama 'yun. Alam nga Niya.

> Kapag ating katawan sa sakit pinahihirapan, at mailap ang kagalingan nitong ating kalusugan,
> Alalahaning may Diyos sa Langit na tumutugon ng panalangin;
> Alam ni Jesus ang hirap mong dinaranas, ika'y Kanyang kayang iligtas at Kanyang kayang bigyan lunas;
> Kaya't sa Panginoon inyong dalhin at iwanan doon ang pasanin.

294 Iyon lang ang hinihiling Niya, "Iwanan doon ang pasanin." Bakit? Siya ang ating Dakilang Saserdote na nakatayo rito, na nakaaalam kung ano ang pakiramdam n'yo. At alam Niya kung papaano kayo ipapanauli pabalik sa biyaya, at kung papaano kayo ibabalik sa inyong kalusugan. Alam Niya ang lahat ng tungkol dito; Siya nga'y nagdusa. Noong wala kayong lugar para mahiligan ng inyong ulo; gayundin ang dinanas Niya. Noong iisa lang ang damit n'yong pamalit; gayundin ang dinanas Niya. Kapag nililibak kayo, inuusig; gayundin ang dinanas Niya.

295 Pakinggan n'yo ang huling talata ngayon. Sige.

> . . .*siya'y makasasaklolo* doon *sa mga tinutukso.*

O, sa ibang salita, kaya Niyang *pangalagaan* sila, kayang *tulungan* sila, kayang gawin sa kanila . . . kayang *makiramay* sa kanila. Sapagkat, ang Diyos Mismo ay naging tao, nang sa gayon ay maramdaman ito.

296 Naalala n'yo ba, noong isang gabi, hindi ba't itinuro na natin ang tungkol roon? Kung papaanong kinailangan ng Diyos na . . . May tibo ang kamatayan, may panakot dito. "Sa buong buhay nila ay nasa pagkaalipin sila sa *kamatayang* ito." At saka dumating si Jesus, upang alisin Niya ang tibong iyon mula sa kamatayan.

At noong paakyat na Siya sa bundok, natatandaan pa ba n'yo kung papaano natin isinalarawan iyon? Yung maliliit na duguang batik sa Kanyang balabal, pagkaraan ng ilang sandali ay nagsama-sama't naging malaking batik, at tumitilamsik ang Dugo sa palibot Niya. Sa Kanyang munti't, mahinang katawan, hindi na Niya kayang makausad pa, at napasubasob Siya. Si Simon Cirene, 'yung maitim na lalaki, Siya'y tinulungan nitong pasanin ang krus paakyat ng burol.

At noon nga'y kanilang ipinako Siya sa krus, at sumigaw Siyang humihingi ng tubig. Kahit sinong taong inaagusan ng dugo ay nangangailangan ng tubig.

297 Naaalala pa ba n'yo 'yung nangaral ako noong isang gabi tungkol sa "Ang babaeng usa at ang lalaking usa ay nauuhaw para sa tubig ng batis, gayundin ang kaluluwa ko'y nauuhaw sa Iyo, O Diyos"? Kung nasugatan ang usa at buhay pa, at patuloy na nauubusan ng dugo, kinakailangan nitong makaparoon sa may tubig kundi ay mamamatay ito.

298 Nabaril ako noon, dun sa may parang, nung labing apat na taong gulang ako. At nahandusay ako roon. Napinsala ang mga binti ko, na animo'y nagmistulang giniling na karne, dahil sa isang kalibre doseng iskopeta. At napasigaw ako para humingi ng tubig, "Oh, abutan n'yo ako ng tubig!" Namanhid ako noon; namanhid 'yung mga labi ko.

299 Dali-daling kumaripas ang kaibigan ko sa isang lumang patubigan, na naroon na ang lahat na ng sari-saring maliliit na kiti-kiti, sa latian. Hindi ko na inalintana pa kung ano 'yun. At nagsalok siya ng tubig, at ibinuka ko ang aking bibig, at piniga niya ang kanyang pandong nang paganoon, sa aking bibig. Kailangang-kailangan n'yo ngang makainom ng tubig.

300 Siya'y inaagusan nga noon ng dugo. Sabi Niya, "Painumin n'yo Ako." At Siya'y binigyan nila ng maasim na alak sa isang espongha, at Kanyang tinanggihan 'yun, at inayawan 'yun. Siya ang Kordero ng Diyos na namatay sa halip na tayo, upang madala ng pakikipagbalik-loob sa tao. Ano iyon? Ang Diyos ng Langit.

301 Sinabi minsan ni Billy Sunday, na, "May mga Anghel sa bawat palumpong, na ang sabi raw, 'Ihanda Mo lang ang Iyong kamay at ituro ang daliri, babaguhin Namin ang kalagayan.'"

302 Yang mapangahas na grupong 'yan ng mga relihiyosong panatiko, nagtawag ba naman sila ng ilang bigating edukadong iskolar ng D.D., Ph,D., nagsilapit sa tabi Niya at ang sabi ba naman, "Ngayon, Kung ikaw ang Anak ng Diyos! Iniligtas Mo ang iba; pero ang sarili Mo hindi mo mailigtas. Bumaba Ka mula sa krus at sasampalatayanan Ka namin."

303 Wala silang kamalay-malay na pinapupurihan nila Siya. May kakayanan nga Siyang iligtas ang Kanyang Sarili. Ngunit kung iniligtas Niya ang Kanyang Sarili, hindi sana Niya nailigtas ang iba. Kaya, ibinigay Niya ang Kanyang Sarili. Purihin ang Kanyang Pangalan. Ibinigay Niya ang Kanyang Sarili, upang maligtas ako at maligtas kayo. Oh, wala ngang makapapantay sa pag-ibig na 'yan!

304 Hindi naman Niya kinailangang magkasakit. Ang katangi-tanging katawan na 'yan na isinilang ng isang birhen ay hindi naman kinakailangang magkasakit. Subalit inari Niya ang pagkakasakit, upang malaman Niya kung paano mamagitan para sa akin noong ako'y may sakit.

305 Hindi Niya kinailangang mapagod, ngunit napagod Siya. Nabasa ko ang isang maikling kuwento minsan tungkol dito, hindi ko alam kung tunay 'yun o hindi. "Noong ibinangon Niya 'yung batang lalaki na taga-roon sa Nain, ibinangon mula sa kamatayan, naupo Siya sa isang bato at dumaing ng sakit ng ulo," 'pagkat kinailangan Niyang pasanin ang ating mga sakit.

306 Kinailangan Niyang pasanin ang ating kasalanan, at doon ay namatay Siya, at doon sa Kalbaryo noong itinusok minsan nung matandang bubuyog at kamatayan ang tibo nito. Alam ng kahit sino, na kapag naitusok na ng bubuyog ang tibo nito, hindi na ito makatitibo pa. Paglipad ng bubuyog palayo o anumang insekto na naninibo, kapag naitusok na niya ang kanyang tibo, mahihila niya paalis ang tibo. Bubuyog pa rin ito ngunit wala na itong tibo. Ang tanging bagay na magagawa na lang nito ay humugong-hugong at gumawa ng kung anu-ano na lang na ingay.

307 Iyon lang ang tanging bagay na magagawa ng kamatayan sa isang mananampalataya, ang gumawa ng kung anu-anong ingay. Ngunit, hallelujah, purihin ang Pangalan ng Panginoon, pinatimo Niya ang tibo na iyon ng kamatayan sa sarili Niyang laman. Ginawa nga iyon ni Emmanuel. Bumangong mag-uli, sa ikatlong araw, iniwagwag ang tibo paalis doon, at ngayon ay Imortal na sa gabing ito. At ang Kanyang Espiritu ay nasa gusaling ito, at pinatutunayan Niyang buhay Siya sa piling natin. Iyan ang ating Mesiyas. Iyan ang ating napakadakilang Tagapagligtas.

*Ang Aklat Ng Mga Hebreo*

Ang labing-isang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham na orihinal na ipinangaral sa Ingles mula Agosto 21 hanggang Setyembre 22, 1957, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamamahagi ng Voice Of God Recordings.

TAGALOG

©2016 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

Voice Of God Recordings
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org